# Pampublikong Tulong para sa mga Bahay Sambahan

**Release Date: Oct 6, 2022**

Ang mga Bahay Sambahan ay itinuturing na pribadong nonprofit na mga organisasyon na nagbibigay ng hindi kritikal, mahalagang serbisyong panlipunan, tulad ng sa komunidad at mga sentro para sa mga matatanda (senior citizen). Ang kategoryang ito ng mga nonprofit ay dapat dumaan sa proseso ng aplikasyon ng pautang kasama ang programa ng U.S. Small Business Administration (SBA) Disaster Assistance bago matukoy ng FEMA ang pagiging kwalipikado para sa Public Assistance na programa nito. Ang mababang interes ng pautang sa kalamidad ng SBA ay nagbibigay ng hanggang $2 milyon para sa pagkukumpuni ng nasira o pagpapalit ng mga ari-arian na napinsala ng bagyo, kabilang ang mga kasangkapan, kagamitan, at iba pang mahahalagang nilalaman.

Hindi kinakailangang kumuha ng pautang ang mga bahay sambahan, ngunit ang FEMA ay hindi magpopondo sa mga pagkukumpuni maliban kung ang aplikasyon sa pautang ng SBA ay tinanggihan o hindi ganap na sumasakop sa mga permanenteng gastos sa trabaho.

Ang mga bahay sambahan ay dapat makipag-ugnayan sa tanggapan ng pamamahala sa emerhensiya ng county para sa karagdagang impormasyon kung paano magsumite ng FEMA Request for Public Assistance.